

## PROGRAMA NG IN-HOME SUPPORTIVE SERVICES (IHSS) PORMULARYO SA PAGPAPATALA NG TAGABIGAY

### BASAHING MABUTI ANG IMPORMASYON SA IBABA BAGO MO SIMULANG KUMPLETUHIN ANG PORMULARYONG ITO

Sa ilalim ng batas ng estado, kung ikaw ay nahatulang ng o nakulong kasunod ng isang hatol, para sa ilang mga namumukod na krimen sa loob ng nakaraang 10 taon, ikaw ay hindi karapat-dapat na matala bilang isang tagabigay o makatanggap ng kabayaran mula sa programa ng IHSS para sa pagbibigay ng mga serbisyong pantaguyod maliban kung hindi tinukoy sa ibaba. May dalawang katagorya ng mga namumukod na krimen.

- **Mga krimen sa Hanay 1, alinsunod sa Kodigo ng Kagalingan at Institusyon (W&IC) seksyon 12305.81, ay:**

1. Tinukoy na pang-aabuso sa bata (Kodigo Penal [PC] seksyon 273a[a]\*),
2. Pang-aabuso sa isang matanda o may sapat na gulang na umaasa (PC seksyon 368\*), at
3. Pandaraya laban sa isang programa sa pag-aalaga ng kalusugan o serbisyong pantaguyod ng pamahalaan.

- **Mga krimen sa Hanay 2, alinsunod sa W&IC seksyon 12305.87, ay:**

1. Isang marahas o seryosong krimen, gaya ng tinukoy sa PC seksyon 667.5(c)\*, at PC seksyon 1192.7(c)\*,
2. Isang mabigay na pagkakasala kung saan ang isang tao ay kinakailangang magparehistro bilang isang may salang-sekswal (sex offender) alinsunod sa PC seksyon 290(c)\*, at
3. Isang mabigat na pagkakasala para sa pandaraya laban sa isang programa ng pampublikong serbisyong panlipunan, gaya ng nasasaad sa W&IC mga seksyon 10980(c)(2)\* at (g)(2)\*.

Ang isang kumpletong listahan ng mga krimen sa Hanay 2 ay makukuha sa pamamagitan ng paghiling mula sa Tanggapan ng IHSS sa County o May-Kapangyarihang Pangmamamayan ng IHSS.

\*Tingnan ang nakalakip na pormularyong SOC 426C para sa nilalaman ng mga PC at mga seksyon ng W&IC.

- Bilang bahagi ng proseso ng pagpapatala ng tagabigay sa IHSS, dapat kang magbigay ng tatak ng daliri at sumailalim sa isang pagsisiyasat ng pangkriminal na nakaraan na isinasagawa sa pamamagitan ng Kagawaran ng Hustisya ng California.
- Kung ang iyong sagot sa pormularyong ito o ang mga resulta ng pagsisiyasat ng pangkriminal na nakaraan ay nakitang ikaw ay hatulan ng, o nakulong sumunod ang isang paghatol para sa, alinman sa isang krimen sa Hanay 1 o Hanay 2 sa loob ng huling 10 taon, ikaw ay hindi karapat-dapat na matala bilang isang tagabigay sa IHSS o makatanggap ng kabayaran mula sa programa ng IHSS para sa pagbibigay ng mga serbisyong pantaguyod.
- Para sa mga krimen sa Hanay 2, kung ikaw ay may nakuhang isang katibayan ng pagbabagong-tatag o ng isang pagkakansela (magpawalang-saysay alinsunod sa PC seksyon 1203.4), ang hatol ay hindi magpapawalang karapatan sa iyo para magtrabaho bilang isang tagabigay sa IHSS.
- Kung ang iyong hatol ay para sa isang krimen sa Hanay 2, ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa isang pagpapaubayang indibidwal o sa isang pangkalahatang pagliliban sa ilalim ng ilang mga pangyayari na kung saan ay inilarawan sa ibaba.
- ***Walang mga pagpapaubaya o pagliliban na pinapayagan para sa mga krimen sa Hanay 1.***

## **PROGRAMA NG IN-HOME SUPPORTIVE SERVICES (IHSS) PORMULARYO SA PAGPAPATALA NG TAGABIGAY**

### **ITULOY ANG PAGBASA NG IMPORMASYON SA IBABA BAGO MO SIMULANG KUMPLETUHIN ANG PORMULARYONG ITO**

#### **Indibidwal na Pagpapaubaya ng Pagbubukod sa Hatol para sa isang Krimen sa Hanay**

Kung ikaw ay napatunayang hindi karapat-dapat sa isang hatol para sa isang namumukod na krimen sa Hanay 2 ngunit ang isang tagatanggap sa IHSS (o ang kanyang pinahintulatang kinatawan) ay nais na upahan kabilang kanyang tagabigay sa kabila ng iyong kriminal na nakaraan, ikaw ay maaaring makakuha ng isang pagpapaubaya bilang mga sumusunod:

- Ang tagatanggap sa IHSS na nais na upahan ka (o ang kanyang pinahintulatang kinatawan) ay ipapaalam ang tungkol sa iyong hatol at tuturuang panatiliing kumpidensyal ang impormasyon.
- Ang tagatanggap na nais na upahan ka bilang kanyang tagabigay (o ang kanyang pinahintulatang kinatawan) ay dapat magsumite ng isang Kahilingan ng Tagatanggap sa IHSS para sa Pagpapaubaya sa Tagabigay (SOC 862) sa Tanggapan ng IHSS sa County o sa Pamublikong Awtoridad ng IHSS.
- Ang pagpapaubaya ay magpapahintulot sa iyo na makapagpatala upang magbigay ng mga serbisyo para lamang sa tagatanggap na humiling ng pagpapaubaya.
- Kung ikaw, bilang tagabigay, ay pinahintulatang kinatawan din ng tagatanggap, HINDI ka pinapayagang pumirma ng pagpapaubaya sa ngalan tagatanggap upang talikdan ang mga krimen na kung saan ikaw ay nagkasala. Sa kasong ito, ang pagpapaubaya ay dapat na direktang pirmahan ng alinman sa tagatanggap o, kund hindi iyon posible, isa pang indibidwal ay dapat ipahayag na pinahintulatang kinatawan para sa layunin ng pagpirma ng pagpapaubayang ito.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paghiling ng isang pagpapaubaya, ang tagatanggap sa IHSS na nais na upahan ka bilang kanyang tagabigay ay dapat makipag-ugnayan sa Tanggapan ng IHSS sa County o sa Pamublikong Awtoridad ng IHSS.

#### **Pagkalahatang Pagliliban ng Pagbubukod sa Hatol para sa isang Krimen sa Hanay 2**

Kung ikaw ay napatunayang hindi karapat-dapat batay sa isang hatol para sa isang namumukod na krimen sa Hanay 2 at gusto mong malista sa isang talaan ng mga pangalan ng tagabigay o magbigay ng mga serbisyo sa isang tagatanggap na hindi humiling ng isang pagbabaubayang indibidwal.

- Maaari kang mag-aplay para sa isang pangkalahatang pagliliban ng mga paghadlang sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Kahilingan ng Tagabigay na Aplikante sa IHSS para sa Pangkalahatang Pagliliban (SOC 863).
- Ikaw ay kinakailangang magbigay ng iba pang kasulatan, (halimbawa, karanasan sa trabaho, mga personal na mga sanggunian, atbp.), upang suportahan ang iyong kahilingan para sa isang pangkalahatang pagliliban.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paghiling ng isang pangkalahatang pagliliban, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng IHSS sa County o sa Pamublikong Awtoridad ng IHSS.

## PROGRAMA NG IN-HOME SUPPORTIVE SERVICES (IHSS) PORMULARYO SA PAGPAPATALA NG TAGABIGAY

### MGATAGUBILIN:

- Gumamit ng itim o asul na tinta upang punan. Ilimbag ng maliwanag ang impormasyon.
- Punan, pirmahan at ibalik ang pormularyong ito ng personal sa tanggapan o lokasyon na hinirang ng county. Dalhin ang orihinal na pampederal o estadong pagkakakilanlan na ibinigay ng gobyerno at ang iyong orihinal na tarheta ng Seguro Sosyal kapag ibabalik na ang pormularyong ito.
- Kumpletuhin ang lahat ng mga paksa sa BAHAGI A, sagutin ang mga katanungan sa BAHAGI B, at basahin at pirmahan ang deklarasyon sa BAHAGI C.
- Ang county ay: 1) Rerepasuhin ang pormularyo upang tiyakin na ito ay kumpleto; 2) Gagawa ng kopya ng iyong pagkakakilanlan at Seguro Sosyal; at 3) Bibigyan ka ng isang kopya ng mga nakumpletong pormularyo para sa iyong talaan.
- DAPAT mong ipaalam sa county kung may mga pagbabago sa anumang bagay na naiulat mo sa pormularyong ito sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo ng pagbabago.

### BAHAGI A: IMPORMASYON NG TAGABIGAY

1. Buong Pangalan (Pangalan, Gitnang Inisyal, Apelyido):	2. Petsa ng Kapanganakan:  <small>Kung ikaw ay nasa ilalim ng 18 taong gulang, kailangan mong magsumite ng wastong Pahintulot sa Trabaho kasama ng pormularyong ito.</small>	3. Kasarian:  <input type="checkbox"/> L <input type="checkbox"/> B
4. Tirahan (Kailangan ay pisikal na tirahan, <b>hindi</b> isang Post Office Box*):	Lungsod:	Estado: Zip:
5. Direksyong Pangkoreo (kung iba sa tirahan):	Lungsod:	Estado: Zip:
6. Numero ng Telepono (pati Area Code):	7. Numero ng Seguro Sosyal**:	
8. E-Mail Address (kung mayroon):		
9. a. Numero ng Lisensya sa Pagmamaneho # o Numero ng ID # na ibinigay ng Pamahalaan:	b. Petsa ng Pagtatapos:	
	c. Estadong Nagbigay:	
10. a. Pangunahing Wikang Sinasalita:	b. Pangunahing Wikang Isinusulat:	

### MGA TALA:

- \* Ang sahod para sa isang tagabigay ay hindi maaaring ipadala sa isang P.O. Box maliban kung ang county ay inaprubahan ng isang kahilingan mula sa tagabigay.
- \*\* Ang pagtitipon ng Numero ng Seguro Sosyal ay kinakailangan alinsunod sa W&IC 12305.81(a), at ng Reporma sa Imigrasyon at Kautusan ng 1986, Pampublikong Batas 99-603 (8 USC 1324a), para sa mga layunin ng pagpapatunay ng pagkakakilanlan ng mga indibidwal at pagpapahintulot na magtrabaho sa Estados Unidos.

## PROGRAMA IN-HOME SUPPORTIVE SERVICES (IHSS) PORMULARYO SA PAGPAPATALA NG TAGABIGAY

PANGALAN NG TAGABIGAY :

### BAHAGI B: PAGSISIWALAT NG TAGABIGAY

**SAGUTIN ANG MGA SUMUSUNOD NA KATANUNGAN SA PAMAMAGITAN NG PAGMARKA SA TAMANG KAHON:**

**1. SA LOOB NG NAKARAANG 10 TAON, IKAW BA AY –**

a. Nahatulan ng o nakulong sumunod ang isang hatol para sa  
Isang krimen Hanay 1\*?.....  OO  HINDI

b. Nahatulan ng o nakulong sumunod ang isang hatol para sa  
Isang krimen Hanay 2\*?.....  OO  HINDI

*\*Tingnan ang Pahina 1 ng pormularyong ito para sa kahulugan ng mga krimen sa Hanay 1 at Hanay 2.*

**2. KUNG ANG ISINAGOT MO AY “OO” SA TANONG 1.b. SA ITAAS,** nakakuha ka ba ng isang sertipiko ng

pagbabagong-tatag o pagkakansela (magpawalang-saysay alinsunod sa PC seksyon  
1203.4) ng krimen sa Hanay 2?.....  OO  HINDI

*Kung OO, dapat kang magbigay sa county ng isang kopya ng sertipiko ng pagbabagong-tatag o dokumentasyon ng  
pagkakansela kasama ng nakumpletong pormularyong ito.*

### BAHAGI C: PAHAYAG NG TAGABIGAY I

#### NAUNAWAAN AT SUMASANG-AYON AKO NA –

- Hindi ko matatanggap ang mga pondo sa programa ng IHSS bilang kabayaran sa mga pinahintulatang serbisyo na aking ibinigay sa sinumang karapat-dapat na tagatanggap sa IHSS hanggang makumpleto ko ang buong proseso sa pagpapatala ng tagabigay at ako ay opisyal na nakatala bilang isang tagabigay ng county.
- Mayroon akong 90 araw ng kalendaryo mula sa petsa na ako ay unang nagsimula sa pagproseso ng pagpapatala upang makumpleto ang lahat ng kinakailangan sa pagpapatala. Kung hindi ko makumpleto ang lahat ng mga kinakailangan sa pagpapatala sa loob ng 90 araw ng kalendaryo, ako ay ituturing na hindi karapat-dapat na maglingkod bilang isang tagabigay sa program ng IHSS at hindi maaaring bayaran sa pamamagitan ng programa ng IHSS para sa pagbibigay ng awtorisadong serbisyo sa isang tagatanggap ng IHSS.
- Bilang isang bahagi ng proseso sa pagpapatala ng tagabigay, dapat akong magbigay ng tatak ng daliri at sumailalim sa isang pagsisiyasat ng pangkriminal na nakaraan. Ako ang mananagot para sa pagbabayad ng mga gastos ng tatak ng daliri at ang pagsisiyasat ng nakaraan.
- Kung ito ay napatunayan, alinman sa aking mga sagot sa pormularyong ito, ang mga resulta ng pagsisiyasat ng pangkriminal na nakaraan, o sa iba pang paraan, na sa loob ng nakaraang 10 taon, ako ay nahatulan ng o nakulong sumunod ang isang hatol para sa isang namumukod na krimen sa Hanay 1, ako ay hindi magiging karapat-dapat na maging tagabigay sa IHSS, at ipaaalam sa tagatanggap na nagnanais na ako ay upahan na ako ay hindi karapat-dapat na maging tagabigay dahil sa isang nakapagpapawalang-karapatang hatol na krimen na kung saan ay hindi tutukuyin.

**PROGRAMA NG IN-HOME SUPPORTIVE SERVICES (IHSS)  
PORMULARYO SA PAGPAPATALA NG TAGABIGAY**

**PANGALAN NG TAGABIGAY:** \_\_\_\_\_

**BAHAGI C: PAHAYAG NG TAGABIGAY (Patuloy)**

**NAUNAWAAN AT SUMASANG-AYON AKO NA –**

- Kung ito ay napatunayan, alinman sa aking mga sagot sa pormularyong ito, ang mga resulta ng pagsisiyasat ng pangkriminal sa nakaraan, o sa iba pang paraan, na sa loob ng nakaraang 10 taon, ako ay nahatulan ng o nakulong sumunod ang isang hatol para sa isang namumukod na krimen sa Hanay 2, at hindi ako nakatanggap ng isang sertipiko ng pagbabagong-tatag o nakansela ang hatol –
  - Hindi ako magiging karapat-dapat na maging isang tagabigay sa IHSS, maliban kung ang isang tagatanggap sa IHSS na nais akong upahan upang magbigay sa kanya ng mga serbisyo, ay humiling ng isang indibidwal na pagpapaubaya, o ako ay mag-aplay at ako ay pagkakalooban ng isang pangkalahatang pagliliban; at
  - Ipapaalam sa tagatanggap sa IHSS na nais na ako ay upahan bilang kanyang tagabigay ng tungkol sa aking hatol at ang mga uri ng krimen kung saan ako ay nahatulan, at siya ay tuturuan panatiliing kumpidensyal ang impormasyon.

**KUNG AKO AY NAKATALA SA COUNTY BILANG ISANG TAGABIGAY NG IHSS,  
NAUNAWAAN AT SUMASANG-AYON AKO NA –**

- Kung ang taong binibigyan ko ng mga serbisyo ay tumatanggap ng IHSS sa pamamagitan ng programang Medi-Cal, ako ay ituturing bilang isang tagabigay ng mga personal na serbisyong pangangalaga sa Medi-Cal. Samakatuwid, ako ay kinakailangang sumunod sa lahat ng mga patakaran ng programang Medi-Cal na may kaugnayan sa pagkakaloob ng mga serbisyo.
- Ang mga bayad para sa mga pinahintulatang serbisyo na aking ibibigay sa isang tagatanggap sa IHSS ay magmumula sa mga pondo ng pederal, estado at/o county ng IHSS. Ang anumang mga maling pahayag na aking ibibigay, kasama ang maling paglalagay ng oras sa talaan, o di-pagsisiwalat ng impormasyon, ay maaaring usigin sa ilalim ng mga batas pampederal at/o estado.
- Babayaran ko pabalik ang programa ng IHSS para sa anumang sobrang-bayad na ibinigay sa akin at sa anumang sobrang-bayad, isa-isa o pinagsama-sama, ay maaaring ibawas mula sa isang hinaharap na talon ng tseke para sa mga serbisyong ibinigay ko sa sinumang tagatanggap sa IHSS.
- Ako ay magbibigay sa lahat ng serbisyo nang walang diskriminasyon batay sa lahi, relihiyon, kulay, bansang pinagmulan o etnikong pagkakakilanlan, kasarian, edad, sekswal na oryentasyon, o pisikal o kapansanang pangkaisipan.

**Ipinahahayag ko, SA ILALIM NG PARUSA NG PAGSISINUNGALING, na ang lahat ng mga impormasyon na ibinigay ko sa pormularyong ito ay totoo at tama sa abot ng aking kaalaman, at sumasang-ayon ako sa lahat ng mga pahayag na nakalista sa itaas.**

Pirma: \_\_\_\_\_

Petsa: \_\_\_\_\_

Nakalimbag na Pangalan: \_\_\_\_\_

**County Representative's Signature (Optional):** \_\_\_\_\_

**DATE:** \_\_\_\_\_